# *Ang Inilaang Daan Ng Diyos Para Sa Panahong Ito*

. . . pansumandali lamang habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo.

Makalangit naming Ama, pinasasalamatan Ka po namin dahil kay Jesus Cristo, sa Kanyang mga dakilang pangako na ibinigay Niya sa amin. Pinasasalamatan Ka namin para sa lahat ng mga bagay na ito. Malaki ang inaasahan namin dito sa lungsod na ito kasama ng mga mabubuting Cristiano rito. Inaasahan po naming makita Siya na kumikilos sa gitna namin na ipinapakita ang Kanyang presensya, na binibigyan ang mga tao ng pananampalataya, binibigyan sila ng inspirasyon upang manampalataya. Yun po ang layunin ng aming pagparito, Ama. Batid po naming mailalagak namin ang pagtitiwala namin sa Iyo. Hindi kami mabibigo. Sapagkat hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan. Amen.

Makakaupo na kayo.

Napakasaya ko kaninang umaga na kumain nitong almusal kasama ang mabuting grupo rito ng mga ministro sa lungsod. At kaya kami . . . sa tingin ko itineyp ito ng—ng mga kapatid baka mayroon sa inyo na may gusto nito. Napaka kaaya-ayang panahon mismo ng pagbubuklod-buklod na nagkaroon kami. At ngayon, itong gabing ito'y pangalawang gabi natin, haya't mainam ang pagtugaygay natin. Kaya ngayon, nagtitiwala kami na pagpapalain kayong lahat ng lubos na sagana ng Panginoon.

Sa tingin ko'y isang mabuting kaibigan ko ang nakikita ko rito, si Gng. Upshaw, na nakaupo rito, si Kapatid na babaing Upshaw. Pagpalain ka ng Panginoon. Naaalala ko si Kapatid na Willie Upshaw. May sulat ako galing sa kanya noong isang araw at litrato ni Kapatid na Willie, na Kongresista. Mangyari nga, siya'y—siya'y lumpo sa loob ng humigit-kumulang animnapu't anim na taon.

Nasa isang pagtitipon ako isang gabi, nakakita ako ng isang pangitain tungkol sa kanya, na nakaupo, habang ako'y papunta sa kabilang panig ng mga tagapakinig, na siya raw ay nakasuot ng kanyang terno't, yumuyuko. Matagal na panahon siyang nakaupo na lang sa isang silyang de gulong at nakasaklay, gaya ng pagkakilala n'yo sa kanya, at pinagaling siya ng Panginoong Jesus noong gabi ring 'yun. At tinaglay niya ang pananampalataya hanggang siya'y mamatay.

Ikinararangal natin, ngayong gabi, na ang kanyang balo'y nakaupo rito. Ilang taon na rin po ba noong siya'y lumisan

para makita na ang Panginoon? Ilang taon siya? [Sumagot si Kapatid na babaing Upshaw—Pat.] Nabuhay siya hanggang walumpu't anim na taong gulang. [Nagpatotoo si Kapatid na babaing Upshaw tungkol sa pagpanaw ng kanyang asawa.] Nagpunta na ng Langit upang makapiling. . . Nagpapasalamat tayo dahil sa mga dakilang tao, mga dakilang mandirigma ng pananampalataya.

Ngayon, sa gabing ito, ito po'y, ayaw naming panatilihin kayo nang matagal. Napanatili namin kayo nang sampung minutong lampas sa oras kagabi, dalawampung minuto na lang at maga-alas diyes na. Karaniwang nakakalabas tayo nang alas nuwebe y media. Susubukan kong bumawi ngayong gabi. Ako'y. . . Bumaling akong panibago mula sa mga mensahe kong propetiko na ipinangangaral ko sa iba't ibang bahagi ng bansa, patungo sa mga gawaing pagi-ebanghelyo muli. At sa mga mensaheng propetikong 'yun, itinutuloy-tuloy lang natin 'yun. At ngayon para iksian 'yun, medyo mahirap, at binabago nga nito ang—ang pagmiministeryo nang buo.

At ang dahilan kung bakit ko ito ginagawa: dahil isang araw, pagkagaling ko ng Canada, dun lang sa itaas ng Montana, isang umagang-umaga, ang Panginoong Jesus. . . Alam kong kakatwa po ito, mangyari na nakasakay ako sa isang kotse, at may nakatawag ng pansin ko. Nakarinig ako ng isang Tinig, na kasing linaw na naririnig n'yo ang boses ko, ang sabi, "Ang pangalan mo'y nakasulat sa bundok na 'yun." At tumingin ako, at noong paghinto namin, si Billy at ako, sinabi ng Panginoong Jesus, "Bumalik ka na ngayon, at magsimula ka sa pagi-ebanghelyo gaya ng ginawa mo dati."

Kaya narito ako ngayong gabi, dahil ako'y bumabaling muli pabalik sa pananalangin para sa mga maysakit. Mahaba ang kuwento tungkol dito, at sigurado akong kayong mga nakikinig sa teyp dito, na nakikinig ng mga teyp namin, alam n'yo ang kuwento. Nandito ako para muling manalangin para sa mga may sakit. Maraming magagandang kaloob sa Diyos. Maaaring gamitin ng Diyos ang alinman sa mga ito kung ibig Niya kung hahayaan lang natin Siya na gawin ang gayon. Siya ang Panginoong Diyos.

At ngayon, sinusubukan kong huwag. . . iwasan ang pagpapatong ng mga kamay sa mga tao kung maiiwasan ko ito, kasi, doon, para bang (ayos lang naman 'yun), pero para bang may iba, na pagagalingin, sinasabi nila, "Buweno, pinatungan ako ng mga kamay ni *Ganito-at-ganyan*." Kita n'yo? Ang gusto ko—gusto kong makita'y kayo mismo'y sadyang magpapatong ng mga kamay sa Kanya, kay Cristo.

Ang layunin ko'y, alam nating lahat batay sa mga Kasulatan, na ang Makalangit na kagalingan ay tiyak mismo para sa bawat mananampalataya. Ito'y bahagi—ito'y bahagi ng pagdurusa ni

Jesus: “Siya’y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay gumaling tayo. Kung papaanong itinaas ni Moises sa ilang ang tansong ahas, kinailangan din namang itaas ang Anak ng tao.” Parehong paglalayon.

At ’yun ang tipo, si Cristo ang katumbas na tipo. At kaya naman kung—kung ang lumang pagbabayad-sala ay nakakapagpagaling, gaano pa kaya ang bago, na may higit na mabubuting bagay na kalakip, anupa’t makapagbunsod mismo ng Makalangit na kagalingan.

Ngayon, itinaas si Jesus para sa parehong layon na itinaas ang tansong ahas (Siya ay pinaging-sala): dahil, ’yung ahas ay yari sa tanso, at ang *tanso* ay “isang simbolo ng banal na paghatol”; at ang *ahas*, na ipinapakita “ang sumpa sa serpiyente” mula sa halamanan ng Eden, kung saan pumasok ang kasalanan at karamdaman.

At hindi maaaring si Jesus . . . Walang makapapangaral ukol kay Jesus Cristo bilang kabayaran ng kasalanan nang hindi ipinangangaral ang Makalangit na pagpapagaling. Walang makapangangaral ng Ebanghelyo nang hindi ipinangangaral ang Makalangit na pagpapagaling. Dahil, kita n’yo, hindi mo . . . ang gagawin nga niya . . . kung wala ’yung partikular na mga bagay. Katulad na lang kapag sinunggaban ka ng isang hayop, hindi mo nga puputulin lang ang kanyang paa, o puputulin ang kanyang—kanyang braso o kung ano man na pinangsakmal niya sa’yo. Papatayin mo siya mismo sa ulo niya’t napatay mo na siya.

At ’yan ang ginawa ni Jesus noong Siya—noong Siya’y mamatay para sa kasalanan: pinatay Niya ang lahat ng nagawa ng kasalanan, ganap Niya tayong tinubos. Kinukuha na natin ngayon ang—ang pagpapala mula sa ating dakilang . . . ang garantiya ng ganap na pagpapalaya sa atin sa Kanyang muling pagdating.

Kaya, nakikita n’yo, ang sakit ay direkta—ay direktang sanhi ng kasalanan. May nagkasala. Walang sakit hanggang sa nagkaroon ng kasalanan. At pagkatapos noong pumasok ang kasalanan, sinundan ito ng sakit. Ang sakit ay bunga ng kasalanan. At pagkatapos, noong pinatay Niya ang kasalanan, isinama nito ang lahat ng bunga nun. Kita n’yo, marapat lang.

Ngayon, babasahin natin ngayong gabi ang isang bahagi ng Kasulatan.

Tunay na nagagalak akong makasama, sa likod ko rito ngayong gabi, ang kaaya-ayang grupo ng mga kapatid na naroon sa pagtitipon kaninang umaga, at ang makita, haya’t nakikita ko si Kapatid na Shakarian diyan, siyanga, at marami sa mga kaibigan ko, marami pa sa kanila. Labis akong natutuwa na makasama kayo na mga kapatid dito ngayong gabi. Idalangin n’yo ako ngayon, kung mamarapatin n’yo.

Ngayon, buklatin na natin ang Kasulatan, para sa isang maikli lamang na teksto, kung loloobin ng Panginoon.

2 At tandaan n'yo, bukas ng gabi, ay mananalangin muli para sa mga maysakit. At ngayon kapag nagsasalita ako. . . Pakinggan n'yo po, sikapin n'yong lahat na gawin ito, huwag kayong maghintay-hintay pa para sa kung anong bagay na mangyari. Ang bagay na dapat n'yong gawin, ay sampalatayanan ang Diyos ngayon din. Sampalatayanan n'yo Siya ngayon din! Kita n'yo?

3 Ngayon nagkaroon na ng lahat ng uri ng pagmiministeryo. Ang Diyos, sa mga huling araw na ito, naniniwala ako, ay ibinigay na sa atin ang lahat ng mayroon Siya sa Kanyang Aklat. Lahat ng ipinangako Niya, haya't nakita na natin, at ganoon pa man parang hindi pa rin ito maunawaan ng mga tao. Siyanga't yaong mga itinalaga upang makaunawa rito, ay makakaunawa nito; sila lamang. Binubulag nito ang isa; minumulat naman ang mga mata ng isa pa.

4 Tandaan n'yo, naniniwala tayo na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Hindi Siya patay, kundi nabubuhay magpakailanman. At narito Siya ngayong gabi. Tayo'y nasa Kanyang Presensya, ngayong gabi, at narito Siya upang patunayan at tuparin ang anumang pangako na Kanyang ipinangako para sa araw na ito. At Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kaya, anuman Siya noon, Siya ngayon, sa gabing ito. Kaya sampalatayanan natin Siya ngayon, habang binabasa natin ang Kanyang Salita at pinag-uusapan Siya, sa susunod na labinlima, dalawampung minuto.

5 Genesis, sa ika-22 kabanata, at sa ika-7 at ika-8 talata, para kumuha ng isang teksto.

> *At nagsalita si Isaac kay Abraham na kaniyang ama, na sinabi, Ama ko: at kaniyang sinabi, Narito ako, anak ko. At sinabi, Narito ang apoy at ang kahoy: nguni't saan naroon ang korderong pinakahandog* na *susunugin?*
>
> *At sinabi ni Abraham, Anak ko, Dios ang maghahanda ng korderong pinakahandog* na *susunugin: ano pa't sila'y kapuwa yumaong magkasama.*

6 Panginoong Jesus, pagpalain Mo po ang Iyong Salita, hindi nawa ito babalik na walang kabuluhan, kundi mahulog nawa ang mga binhi sa lupa na magbubunga ng kaligtasan sa mga nangangailangan, kapwa sa pisikal at espirituwal. Inilalagak namin ang aming sarili sa Iyo; ang kongregasyon, ang mga tagapakinig, ang Salita, ang teksto, ang konteksto. Sakupin nawa ng Espiritu Santo ang aming mga katauhan, upang makita namin si Jesus Cristo. Amen.

7 Gusto kong mangusap para mismo sa mga susunod na ilang minuto ngayon tungkol sa: *Ang Inilaang Daan ng Diyos Para Sa Panahong Ito.*

8 Noon pa man ay may daan na ang Diyos sa tuwina. Haya't may dalawang daan, 'yun 'yung, daan natin at 'yung daan ng Diyos. May daan ang Diyos para sa panahon ngayon, dahil lagi Siyang gumagawa ng daan para sa lahat ng bagay. Ang Diyos, sa pasimula, ay alam na ang wakas, kaya inilatag na Niya ang Kanyang Kasulatan para sa bawat kapanahunan. At ang kapanahunang 'yun, kapag dumarating 'yun. . . Ngayon huwag n'yong mapalampas na di makita ito. Ang kapanahunang 'yun, kapag dumarating 'yun, kadalasan ang pagmiministeryo'y labis na nahahaluan ng mga ismo, at iba pa, at mga tradisyon, hanggang sa ito'y isang milyong milya na ang layo mula sa Salita.

9 At pagkatapos nagpapadala sa tuwina ang Diyos ng isang tao sa eksena, isang propeta. At ang propetang ito. . . Hindi kailanman binabago ng Diyos ang Kanyang sistema. Hindi Niya kailanman binabago ang Kanyang mga pamamaraan. Ginagawa Niya ito sa tuwina sa pareho pa ring pamamaraan. Ganoon Niya ito ginagawa noon pa man; na dapat Niyang gawin 'yun maging sa pagkakataong ito. At, sa pamamagitan nito, ang Diyos ay gumagawa't pinagtitibay ang Salitang 'yun. Tulad ng nabanggit ko sa inyo kagabi, ang Diyos Mismo ang nagbibigay ng interpretasyon. Hindi kailangan ng Diyos ng sinuman upang bigyan ng interpretasyon ang Salita sa Kanya. Siya na Mismo ang nagbibigay paliwanag, sa pamamagitan ng pagpapatibay Rito, ginagawa Itong totoo. At kapag sinabi ng Diyos na gagawa Siya ng isang bagay, pagkatapos ay ginawa Niya ito, wala ngang alinlangan pa rito. Ganoon ang pamamaraan Niya ng paggawa.

10 Kaya gumawa ng paraan ang Diyos para sa atin. Mahal ng Diyos ang Kanyang mga anak. Mahal Niya ang Kanyang bayan. Gusto Niyang tulungan sila. Gusto ka Niyang tulungan nang higit kaysa sa gusto mo ng tulong. Kung mapapatimo n'yo lang 'yan sa puso n'yo, na mas handa kang tulungan ng Diyos kaysa sa tulungan mo ang sarili mo. Pero mayroon Siyang pamamaraan, at 'yun lang ang tanging paraan na Siya'y gagawa haya't sa pamamagitan ng Kanyang pamamaraan. Dapat kang sumunod sa Kanyang mga kondisyon, hindi sa mga kondisyon mo. Sa Kanyang mga kondisyon mismo! Haya't gusto mo man ito sa kung anong paraan, pero Kanyang—Kanyang ibinibigay ito sa iyo sa Kanyang paraan.

11 Katulad ni Naaman tungkol sa paglublob sa—sa—sa mga tubig ng Jordan. Aba't, sinabi niya na ang mga tubig sa kanyang bansa'y mas malinis at mas mainam, pero hindi 'yun ang sinabi ng propeta. "Dito ka lumubog." Lumubog siya nang isang beses, nandun pa rin 'yung ketong; anim na beses, haya't naroon pa rin. Kailangan niya mismong sumunod at lumapit sa pamamaraan ng Diyos. At nang lubos Niyang sinunod ang paraan ng Diyos, naalis ang ketong.

12 At sinasabi ko, ngayong gabi, na kung susundin natin ang inilaang daan ng Diyos, aalis ang ketong, aalis ang sakit, aalis ang lahat, pero kailangan nating sumunod sa Kanyang daan para sa araw na ito. Ngayon, ang paglubog noon sa Jordan ay di na magdudulot ng mabuti ngayon; para 'yun noon kay Naaman. Ang kautusan ay para sa—para sa mga Judio. Ang biyaya ay sa pamamagitan ni Cristo.

13 Anupa't ang bawat kapanahunan ay may bahagi ng Ebanghelyo na sinabi nang mangyayari. Ang Bibliang ito'y ang kumpletong kapahayagan ni Jesus Cristo. Wala nang maidaragdag pa Rito, o anumang bagay na ibabawas mula Rito; ang taong gumagawa nun ay isinumpa. Hindi tayo maaaring magdagdag ng anuman Dito, o magbawas ng anuman mula Rito. Dapat tayong tumingin Rito at tingnan kung ano ang ipinangako para sa kapanahunang ito, at pagkatapos ay antabayanan itong mangyari. Iyon ang Diyos na ipinaliliwanag ang Kanyang Sariling Salita. Nang sinabi Nito, "Isang birhen ang maglilihi," naglihi nga ang birhen. Yun ang pagbibigay interpretasyon ng Diyos tungkol Dito. Kung ano ang ipinangako Niya, 'yun ang ginagawa Niya.

14 Ngayon makikita natin na hindi binabago ng Diyos ang Kanyang mga sistema ng paggawa ng mga bagay-bagay. Ginagawa Niya ito nang pareho pa rin. Tayo'y pabago-bago naman sa tuwina dahil may hangganan tayo. Nakagagawa tayo ng lahat na ng uri ng pagkakamali, at maaaring humusay at mas umigi. Pero ang Diyos ay walang hanggan. Ang una Niyang desisyon ay perpekto sa tuwina. Hindi Siya maaaring maging mas matalino. Siya ang . . . Siya ang pinagmumulan ng lahat ng karunungan. Siya ang lahat ng karunungan. Siya'y ang buong kapangyarihan, walang hanggan ang kapangyarihan, nasa lahat ng dako, nakakaalam sa lahat ng bagay, at walang hanggan. Kaya nga, kapag may sinabi Siya, puwede mong itaya ang iyong kaluluwa Rito, dahil ito'y katotohanan.

15 Ngayon sinasabi ng ilang iglesya, "Haya't hindi kami naniniwala *Rito*, at naniniwala kami *roon*." Hindi kailanman hahatulan ng Diyos ang—ang sanlibutan sa pamamagitan ng isang iglesya. Hahatulan Niya ito sa pamamagitan ni Jesus Cristo, at si Jesus ang Salita. Hahatulan Niya ang iglesya sa pamamagitan ng Salita.

16 At kung *Ito ay* ang kapahayagan ni Jesus Cristo para sa lahat ng kapanahunan, at para sa kapanahunang ito, inihayag Siya sa Bibliang ito kung ano ang Kanyang gagawin sa panahong ito; at kapag nakikita na natin na ginagawa na Nito ang bagay na 'yun, kapag nakikita na natin Siyang ginagawa ang ipinangako Niyang gagawin. Hindi na ipanganganak na naman sa isang birhen; 'yun nga'y dalawang libong taon na ang nakalilipas. Kundi kung ano ang ipinangako Niyang gagawin sa panahong

ito, kung ano ang sinabi Niyang gagawin Niya sa panahong ito, iyon Siya sa ngayon.

17 Maraming beses, sinasabi ng mga tao, “Buweno, hindi ako naniniwala *Roon*.” Buweno, ang nakuha n’yo nga’y ang tagapagpaliwanag ni Eba uli; na kumukuha lang ng bahagi Nito, pero hindi ang lahat Nito.

18 Kaya gusto nating patimuin sa isip natin na ang Diyos ay nananatiling siya pa rin. Ang Kanyang Salita, at kung ano ang sinasabi Niya, ay Kanyang gagawin.

19 Nagpapakitang hindi Siya nagbabago. Sa Genesis 1, sinabi Niya, “Mamunga ang bawat binhi ng kauri nito. Mamunga ang bawat binhi ng kauri nito.” At diyan mismo, may natamaan tayo roon na magpapatumba sa lahat ng mga ebolusyonista. Hindi mo maaaring palahiang muli ang mga bagay-bagay. Kumuha ka halimbawa ng kabayo at—at ng. . . at ng—ng asno, paglahiin sila, ang makukuha mo’y isang mola, pero ’yung mola nga’y hindi na maaaring papaglahiin para magkaroon ka ng isa uling mola. Huminto na ’yun doon. “Bawat binhi ng kauri lang nito.” Maaari silang makagawa ng pinaghalong-lahi, pero bumabalik nga ito mismo pabalik, ipinapakita mismo na hindi ito nagi-ebolusyon nang ganoon. Hindi, po. Humihinto na ito roon. Maaari mong palahian ang alugbati at isa pang gulay, na paglahiin, at mamumunga ng isang rizada, pero hindi mo na ito maaaring mapalahi muli na panibago. Hindi, po. Marahil makakapagpalahi ka ng hybrid na mais; pero kung itatanim mo pabalik ang hybrid na mais na ’yan, wala ka nang makukuha. Kailangan mong ulitin ang pagpapalahi sa tuwina. Dahil, sabi ng Diyos, “Mamunga ang bawat binhi ng kauri lang nito.”

20 At ngayon, dahil sa pagha-hybreed ng mga bagay, tingnan n’yo kung ano na ang kinahinatnan ng mundo ngayon. Nagbabasa ako ng isang artikulo rito, mula sa *Reader’s Digest*, kung saan, “Dalawampung taon mula ngayon, hindi na magkakaroon ng mga sanggol ang kababaihan, kung magpapatuloy ito. Hybrid na pagkain kasi ang kinakain nila.” Ang punto nga mismo, hina-hybrid nila ang pagkain, at hindi naman ganoon ang pagkakagawa sa tao, na kumain ng ganoong klase ng pagkain. Ginawa ’yun para ganoon lang. . . o para kainin ’yun sa paraang ito’y nilikha. Yan ang dahilan, ngayon, na hindi nila maimbak ang mga karne’t lahat na mapanatili ang kalidad, dahil hybrid na ito, sa planta galing, at, oh, lahat na ng uri ng paraan. Sadyang pinaghalo-halo na. Humantong na ito sa kung saan ang buong sangkatauhan ay sinisira na ng kanilang sariling tagumpay na mga naabot, sa pamamagitan ng pagsisikap na pakialaman ang isang bagay na ginawa ng Diyos na mabuti, at ibabalikwas ito at gagawin ito sa ibang paraan, na sa kanilang sariling paraan na. Pabayaan n’yo dapat ito sa paraan mismo na ginawa ng Diyos!

21 Dumating pa nga ito sa isang punto kung saan sinusubukan na nilang i-hybreed ang mga iglesya, ngayon; mula sa tunay na bautismo ng Espiritu Santo, patungo sa pakikipagkamay; sa kung anong uri ng pagwiwisik, kaysa sa isang bautismo sa tubig. Oh, grabe! Ang buong bagay ay hybrid na. Gusto nating makapanumbalik.

22 Ang isang hybrid na halaman, kailangan mo itong ala-alagaan na parang sanggol at lagyan ng spray, at para maprotektahan laban sa mga kulisap at salagubang. Pero hindi ganoon ang isang tunay na malusog na halaman; siya kasi'y matibay, malakas, hindi siya nilalapitan ng mga kulisap. May sapat siyang bagay sa kanya para bugawin ang kulisap.

23 At gayon din ang isang tunay na Cristiano! Hindi mo siya kailangang ala-alagaan na parang sanggol at tapik-tapikin pa, at sabihin sa kanya ang *ganito*, *ganoon*, o *iba pa*. Mayroon siyang isang bagay sa kanya, ang bautismo ng Espiritu Santo, na nagwawaksi sa lahat ng iba pa rito. Hindi mo na kailangang makiusap nang makiusap sa kanya, dahil siya'y isang tunay na halaman ng Diyos. Mayroon siyang isang bagay sa kanya na nakikipaglaban. Ipinaglalaban ng isang Cristiano ang bawat pulgada ng lupa na kanyang kinatatayuan. Kailangan niyang gawin 'yun, kung umaasa siyang mabuhay nang tuluy-tuloy. At, sa paggawa nun, may Bagay sa kanya na nag-iingat sa kanya.

24 Sinubukan ni Eba na i-hybrid ang Salita, sa pasimula. Sinabi sa kanya ng Diyos, "Sa araw na kumain ka niyaon, sa araw na 'yun ay mamamatay ka." Sinubukan niyang ipaghalo Ito sa kaalaman na ibinibigay sa kanya ni Satanas. At nang sinubukan niya, naiwaglit niya ang buong sangkatauhan, nang oras na 'yun mismo, sa diyablo, noong sinubukan niyang ihalo ang dalisay na Salita ng Diyos sa kaalaman.

25 Hindi ito nagmumula sa kaalaman ng Salita, nagmumula ito sa kapangyarihan ng Espiritu Santo! "Hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan, ni sa pamamagitan ng lakas, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu," ang sabi ng Panginoon. Ganyan ito ginagawa ng Diyos. Ang Salita ng Diyos ay ang Binhi ng Buhay na Walang Hanggan.

26 Kung susubukan mong i-hybreed Ito, anong ibubunsod mo? Papatayin mo ang sarili mo sa pamamagitan Nun. Hindi 'yun uubra. Hindi ito maghahalo kung papaano nga na ang langis o tubig ay paghaluin. Hindi 'yun magagawa.

27 Hindi nila kailanman nagawa, sa lahat ng anumang pamamaraan, na humanap ng anumang bagay na mas mabuti kaysa sa paraan ng Diyos sa paggawa nito. Alam n'yo, hindi sila kailanman nakahanap ng paraan, na mas mabuti, para maipanganak ang manok sa mundong ito, kaysa sa tumuka-tuka ito mismo palabas ng balat ng itlog. Alam n'yo ba 'yun? Hindi pa sila nakahanap ng mas mabuting paraan. Ang maliit

na ibon ay ipinanganak na may isang maliit na nguso sa dulo ng kanyang—sa dulo ng kanyang tuka. At ang maliit na tukang 'yun na mayroon siya, ay para makapagtrabaho't makakakahig, makakakahig nang palikod-paharap, hanggang sa masimulan niya sa kanyang ulo, na mailabas niya ang kanyang ulo, haya't tutuka-tuka para makalabas siya. Ito ang daan na inilaan ng Diyos. Sige't hilahin mo siya mula sa balat ng itlog, papatayin siya nito. Hindi siya mabubuhay kung hihilahin mo siya sa balat. Kailangan niyang lumabas sa pamamaraan ng Diyos.

28 Yan ang problema sa mga Cristiano ngayon. Labis natin silang sinusuyo-suyo nang palambing, at kinakamayan natin sila't ipinapasok sila nang palihim, at isinasapi sila sa iglesya. Ang kailangan nila'y isang makalumang altar ng pananalangin kung saan sila'y makakapanalangin nang ganap, hanggang sa ang kanilang sarili mismo, ay pumasok sa inilaang daan ng Diyos, hanggang sa mapalaya nila ang kanilang sarili mula sa mundo. Ang problema rito, sa panahong ito, inililista nila ang kanilang pangalan sa aklat ng pagdalo at sumasapi sa iglesya, at ganoon-ganoon lang. Pero ang daan ng Diyos, ang inilaang daan, ay manatili roon at magsumikap ka na makalabas, hanggang sa ibigay sa iyo ng Diyos ang bagong Kapanganakan. Ganoon nga mismo. Siyanga't dukutin mo siya palabas, mapapatay lang siya nito.

29 Yan ang problema sa panahon, ngayon, sa mga tao. Ang isang bagong Kapanganakan, kanilang iniiwasan ito. Hindi nila ito gusto. Oh, may ipinalit sila imbis na bagong Kapanganakan, "lumapit ka at manampalataya, at ganoon lang ang kailangan mong gawin." Ang diyablo ay sumasampalataya rin, mismo, at alam n'yong hindi siya naipanganak na muli. May bagong Kapanganakan. May bagay nga mismo na kalakip ito, at ito'y medyo hindi kaaya-aya, hindi kanais-nais sa sanlibutan.

30 Alinmang kapanganakan ay nanlilimahid. Kahit saan pa 'yan. Sa kulungan man ng baboy, o—o sa ospital. Ang isang kapanganakan ay nanlilimahid.

31 Ganoon din ang bagong Kapanganakan! Ipagagawa nito sa iyo ang mga bagay na hindi mo inaakalang gagawin mo. Paluluhurin ka nito sa altar at paiiyakin, pasisigawin, buburahin ang kolorete sa mukha mo, patataasin ka ng mga kamay, papupurihin sa Diyos, pagsasalitain sa iba't ibang wika, at lahat na ng uri ng mga bagay. Gagawin 'yun ng bagong Kapanganakan dahil ito ang inilaang daan ng Diyos upang maipanganak kang muli.

32 Kinakailan mong mamatay. Kinakailangan mong mamatay bago ka maipanganak na muli. Ang anumang binhi'y kailangang mamatay bago ito muling mapagbagong-buhay. Maliban na mamatay ito, mananatili itong mag-isa. Kailangan ng isang tao na mamatay siya sa sarili niyang pag-iisip. Kailangan

niyang mamatay sa pag-iisip ng anuman maliban sa Salita ng Diyos, at dumaan sa Kanyang daan. Yan ang batayan ng Diyos. Hindi natin Siya kinakatagpo sa sarili nating mga pag-iisip; kakatagpuin natin Siya sa Kanyang sinabi na gawin. Yan ang inilaan na daan ng Diyos para rito. Iniiwasan ito ng mga tao; ayaw nila ito. Pero totoo ito, ano't anuman. Ito'y, nagbubunga ito ng kamatayan, at kailangan mong mamatay, mamatay sa iyong pag-iisip.

33 "Buweno, alam kong sinasabi ito ng Biblia, pero hindi ko ito maintindihan." Kung ganoon manatili ka riyan hanggang sa ihayag ito ng Diyos. Siyanga. Kailangan itong. . .Iyan ang bagong Kapanganakan.

34 Ang mga pato at gansa, hindi sila kailanman nakahanap ng mas magandang daan para makapunta sila sa Timog, kaysa sa magkulumpulan muna. At ganoon 'yun. Makikita mo silang lahat na nagtitipun-tipon at sila'y pumupunta roon sa sarili nila, na may kung anong nakapaloob na kalikasan sa kanila na magsama-sama, at nagtitipon sila't nagkukulumpulan bago sila lumipad, bago sila magpa-Timog. Ano ito? Panahon ng rebaybal, kapag nagtitipon silang lahat na magsama-sama. Nakarinig na ba kayo ng ganoong pagkakaingay sa inyong buhay, gaya ng maririnig n'yo sila na mga gansa na nagsasama-sama, o 'yung mga pato? Wala pa akong narinig na katulad nun kailanman! At mayroon silang. . .Walang iba, na mas mahusay na paraan para isagawa nila 'yun.

35 Maraming beses, doon sa hilagang kagubatan, pinapanood ko ang bungad na pagsisimula ng malamig na panahon, sa Canada. Isang grupo ng mga patong isinilang doon mismo sa lawang 'yun, hindi pa sila nakakalabas sa lawang 'yun kahit kailan, ito ngang maliit na patong ito'y hindi pa nakakapunta sa kung saan. At malalaman mo na lang, isang malamig na simoy ng hangin ang bumababa mula sa Hilaga. Itong munti't, munting lalaking pato, siya nga'y ipinanganak na maging isang lider, siya'y magpupunta roon sa gitna ng lawang 'yun, itataas ang maliit niyang tuka para pumugak sa ere, pupugak nang apat o limang beses, at bawat pato sa lawa'y lalapit mismo sa kanya. At papailanlang siya mula roon, at didiretso sa Louisiana hanggang sa makadako siya, sa mga palayan.

36 Bakit? Hindi pa sila nakahanap ng mas magandang paraan para maidako siya roon. Hindi mo sila mapapagtipun-tipon. Ilagay mo man sila sa isang kuluan at. . .o sa isang kulungan, at isakay sila ng truck para dalhin doon. May higit na katalinuhan ang patong 'yun kaysa sa gawin 'yan. Haya't kung ilalagay mo siya sa kulungang 'yun, para dalhin siya roon, ang alam nga niya'y sa katayan siya patungo. Ganoon nga mismo. Dumadako lang siya sa inilaan na daan ng Diyos.

37 Ganoon dapat ang gawin ng tao sa panahong ito, hindi 'yung pagtitipun-tipunin sa pamamagitan ng kung anong kulungang maka-denominasyon. Kundi pumasok sa paraan ng pagpasok na sinabi ng Diyos, sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo at ng bagong Kapanganakan, na pagkukulumpulang rebaybal. Hindi pag-anib sa iglesya, o bahay-bahay na paghingi ng donasyon, at pamimigay ng mga magasin; kundi isang Kapanganakan, ang maipanganak na muli't, mapupuspos ng Espiritu Santo, ang paraan mismo ng Diyos, pinalalaya ang sarili mula sa sanlibutan. Tama! Pagsampalataya sa Salita ng Diyos! Heto na ang oras. Yan ang dapat nating sampalatayanan.

38 Tao, hindi mo kailanman magagawa. . . Wala akong pakialam kahit na gaano pang karaming tao ang magtatangkang pumunta sa lawang 'yun ng mga pato at sasabihin, "Ngayon sandali, kayo na mga mumunting pato, may sasabihin ako sa inyo. Mayroon kami ritong isang edukadong pato. Mayroon siyang Ph.D. at isang LL.D. Sinasabi ko sa inyo, may kakayahan siya para pangunahan kayo."

39 May higit na katalinuhan ang mga patong 'yan kaysa sa ganyan. Siyanga, po. Wala silang pakialam sa higit na edukasyon nun, anuman ito. Masasabi na nila sa paraan pa lang ng pagpugak na ipinupugak niya. Isa itong panloob na kalikasan. Oh, grabe! Ganoon dapat karami ang nalalaman ng iglesya tungkol sa Salita ng Diyos!

40 Ito ay isang tiyak na di-malinaw na tunog. Ang sabi ng Biblia, sabi ni Pablo, "Kung ang trumpeta'y nagbibigay ng di-malinaw na tunog, sino ang makapaghahanda ng kanyang sarili para sa digmaan?" Ganoon nga, kung ang iglesya—kung ang iglesya'y magbibigay ng di-malinaw na tunog ng "pakikianib."

41 Sabi ng Diyos, "Kapanganakan!" Kung ano ang ginawa ng Kapanganakan noon, ganoon pa rin ang ibubunsod ng Kapanganakan ngayon, dahil si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kung ano Siya noon, ay gayon din Siya ngayon. Kung ano ang ginawa nila noon, ay ganoon din ang ginagawa natin ngayon. Sa paraan na natamo nila Ito noon, ay siya ring parehong bagay na ginagawa nila ngayon. Ang siya ring Bagay na taglay nila ngayon, ay kung ano rin ang tinaglay nila noon. Kung Ito ma'y darating, darating nga Ito sa ganoong paraan. Yan ang pamamaraan, ang inilaang daan ng Diyos. Hindi Ito kailanman nagbabago.

42 Hindi kailanman nagbabago ang mga pato. Sila'y ganap na nagkukulumpulan, taon-taon, na nagtutungo sa hilaga, timog, at saanman sila pupunta. Nagkukulumpulan muna sila.

43 Ganyan ang paraan na paggawa ng Diyos. Ipinadadala Niya ang Kanyang Salita sa tamang panahon, sa panahong 'yun, pagkatapos nga'y nahahayag Ito. At wala akong pakialam kung gaanong karami pang iba na mga bagay ang nangyayari;

kapag nakita nila ang Salita ng Diyos na ipinangako para sa araw na 'yun, na pinatototohanan at ipinangako, haya't walang makapipigil sa kanila. "Ang isang birhen ay maglilihi." At noong sinabi nila . . .

44 "Palilitawin ng Panginoon nating Diyos ang isang Propeta na gaya ko," sabi ni Moises.

45 At nang makita nilang dumating ang Taong ito at ginawa ang mga bagay na ginawa Niya, alam nilang 'yun na mismo ang Mesiyas. Nang makita ni Felipe na nagawa ang gayon, sabi niya, "Ikaw ang Cristo. Ikaw ang Hari ng Israel." Alam niya ito dahil ipinangako ito ng Salita, at nabubuhay ito sa araw na 'yun. Gaano mang karaming mga Fariseo, Saduceo, ang nakatayo roon sa paligid, mga Doktor ng Dibinidad, hindi ito nakapigil sa kanya kahit katiting man, dahil hinahanap niya ang tandang 'yun. Nang makita niyang napangyari 'yun, hayun na nga ang tanda ng oras. Yun na mismo ang hinihintay nila, ang inilaang daan ng Diyos. Siyanga, po.

46 Ngayon hindi mo maaaring bigyan ang isang pato, ng edukasyon. Hindi niya gagawin 'yun. Hindi niya 'yun magugustuhan. Hindi siya susundin ng iba pang pato, kahit gaano pang karaming digri ang masasabi niya na natamo niya. "Ngayon, tumingin kayo rito, nag-aral ako sa eskuwelahan ng mga pato. Alam ko ang lahat ng tungkol dito. Nakapagtapos ako ng pag-aaral. Alam ko ang lahat ng mga bagay na ito." Wala itong maidudulot ni katiting man na makabubuti. Wala ni isa sa iba pang mga pato ang susunod sa kanya, kung tunay silang mga pato, amen, dahil may partikular na tanda sila na hinahanap. Kapag nakita nila ang tandang 'yun, maniniwala sila rito.

47 At kung ang isang pato'y may paraan para malaman ito, gaano pa kaya sa isang Cristianong ipinanganak na muli? Dapat kilala natin si Jesus Cristo sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Tama. Ginagawa ito ng Diyos sa inilaang daan ng Diyos.

48 Tandaan n'yo, ang edukasyon ay hindi magiging instrumento para akayin sila sa inilaang dako ng Diyos. Ang instrumentong taglay nila ay kalikasang nasa loob nila. At sila, ang mga patong 'yun, alam nila na dadalhin sila ng kalikasang panloob na 'yun sa inilaang dako ng Diyos.

49 Gayundin na dadalhin ng Espiritu Santo ang Iglesya sa inilaang dako ng Diyos. Hindi pag-anib sa isang iglesya, kundi ang mapuspos ng Kanyang Presensya, ang makita ang Kanyang Salita na mahayag, na mapatotohanan. Yun ang inilaan ng Diyos na daan para sa iglesya, para sa mga tao, para sila'y dalhin patungo sa lugar na inilaan ng Diyos para sa kanila. Dapat ganyan na ganyan mismo ang iglesya sa panahon ngayon. Ngayon, alam nating totoo 'yan.

50 Walang mas mabuting paraan para ang isang . . . Wala silang nakitang mas mabuting paraan para makuha ng isang sanggol ang gusto nito kaysa sa ito'y umiyak para makuha ang gusto niya. Kung bibigyan mo siya ng batingting, at sasabihin, "Bunso, tatlong araw ka pa lang, pero ngayon sige't kapag may gusto ka, kapag gusto mo na nitong bote mo, itaas mo lang batingting na ito at batingtingin ito," tingnan n'yo kung uubra. Hindi nga uubra. Ang sanggol nga'y umiiyak para sa bagay na gusto nito. Yun ang inilaang pamamaraan ng Diyos. Kung mas malakas ang pag-iyak mo . . . Siyanga't huwag n'yong paluin ang sanggol, sinusunod lamang niya ang inilaang paraan ng Diyos. May gusto siya. Siyanga. Ito ang tanging paraan na alam niya para tawagin ang kanyang nanay; ang humiyaw para rito, umiyak para rito. Ganoon nga.

51 Ipinapayo ito ng Diyos para sa Kanyang mga anak. Ipinapayo ito ng Diyos para sa Kanyang mga anak na nananampalataya. Ipinayo nga Niya. Hindi mga intelektuwal na talumpati, hindi kung anong kahanga-hangang teolohiya, na teolohiya na ituturo. Gusto niyang umiyak ka para sa iyong mga pangangailangan. At ganoon nga 'yun, umiyak kayo para rito! Masyado na kasi kayong manhid at pormal, talagang hindi n'yo ito makukuha kailanman. Kung handa n'yong iunat-unat ang inyong sarili nang kaunti, at umiyak, ibibigay ito ng Diyos sa inyo. Gusto niyang naririnig na umiiyak ang Kanyang mga anak. Iiyak n'yo ang inyong mga pangangailangan sa Diyos! Ganyan ang gusto ng Diyos. Yan ang Kanyang inilaan na pamamaraan. Iiyak mo ito! Ganoon ang pag-iyak ng sanggol; ganoon ang gusto Niya na iiyak mo ito.

"Umiyak hanggang kailan?"

52 Gaano bang katagal umiiyak ang isang sanggol? Hanggang sa makuha niya ang gusto niya. At ganoon dapat ang gawin ng mananampalatayang Cristiano, ng anak ng Diyos. Kung nakita mong ang Diyos ang nangako, huwag mo itong isusuko, umiyak ka hanggang sa ito'y masagot. Umiyak ka hanggang makita mong pinatototohanan ng Diyos ang Kanyang Salita. Kapag pinatotohanan na ng Diyos ang Kanyang Salita, at pinatunayan na narito na ito, kung ganoon ay hindi mo na kailangang umiyak pa; nakuha mo na ito, lumakad ka nang palayo at pasalamatan Siya para rito. Hanggang sa gawin mo 'yun, sumigaw ka hanggang sa makuha mo ito. Gusto ko 'yun, ang pagiging pursigido, nanghahawakan.

53 Hindi isang hybrid na halaman, hindi isa na kailangang pamihasain na parang sanggol at sinusuyo-suyo sa tapik, at kinakarga-karga pa. Ang mga Cristiano'y totoo't, tunay, na ipinanganak, na mga artikulo ng Diyos. Ipinaglalaban nila ang kanilang posisyon, at lumalaban hanggang matapos sila sa mundong ito. Bawat galaw nito ay pakikibaka.

54 Sinabi ng Diyos kay Moises na ibinibigay Niya sa kanya ang lupain. Sinabi Niya kay Josue, “Bawat lugar ng inyong mga paa, o ng talampakan ng inyong mga paa, ay matungtungan, ibinigay Ko na sa inyo.” Kinailangan nilang makipaglaban para sa bawat pulgada nito. Gayundin naman tayo na nakikipaglaban para sa bawat pulgada nito. Hindi ito isang bagay na dapat binebeybi at sinusuyo-suyo sa tapik, at kakarga-kargahin, at sasabihin, “Buweno, dadalhin kita roon, titingnan ko kung ano ang palagay mo tungkol dito. Ibigay mo ang opinyon mo.” Hindi ganyan ang paraan ng paglapit.

55 Pumunta ka na may determinasyon. Pumunta ka na mananatili ka roon hanggang sa matapos ito. Manatili ka roon hanggang sa tumugon ang Diyos at pagtibayin ito. Ang isang tao na sumasampalataya sa Diyos, ay nakikita ang Presensya ng Diyos, nararamdaman ang Presensya ng Diyos, nadarama ang Presensya ng Diyos, at nababatid na narito Siya. Narito Siya para tugunin ang lahat ng ipinangako Niya para sa araw na ito. Kung ganoon, umiyak ka hanggang makuha mo ito! Manghawakan kayo sa Kanya. Huwag kayong umalis, anupa’t kung kinakailangan n’yong manatili araw at gabi. Ayaw ng Diyos na makinig ang Kanyang mga anak sa mga intelektuwal na pananalita. Gusto Niyang umiyak sila para Rito, hanggang sa mapatotohanan ang pangako.

56 Nangailangan si Abraham dito ng isang hain. Anong nangyari? Naglaan ang Diyos sa kanya ng kordero. Yun ang inilaang daan ng Diyos. Kinailangan niya ng hain, kaya ibinigay ito ng Diyos. Maya-maya, tinawag niya ’yung lugar na *Jehovah-Jireh*, “ang Panginoon ay maglalaan para sa Kanyang Sarili ng isang hain.”

57 Ngayon, si Job, minsan, ang matandang propetang, si Job. Siya po’y isang propeta. Nagkaproblema siya. Ninais ni Satanas na tuksuhin siya, at tinadtad niya si Job ng mga pigsa. At kinuha niya ang mga anak nito, kinuha niya ang mga sakahang hayop nito, kinuha ang lahat ng mayroon siya, at tinadtad niya si Job ng mga pigsa.

58 At dumating ang mga taga-aliw ni Job, anong ginawa nila? Wala silang naitulong kundi pangungutya, tinutudyo siya, sinasabi sa kanya, “Aba, nagkasala ka, nang palihim.”

59 At nanatili lang si Job na nanghahawakan. Humibik siya. Natitiyak niyang sinusunod niya ang mga utos ng Diyos. Ginawa niya ang eksaktong ipinangako ng Diyos na gagawin. Ang ipinangako ng Diyos sa kanya, na tatayo Siya sa tabi niya, sa ilalim ng sinunog na hain, at nanatili siya roon.

60 Kaya, binigyan siya ng Diyos ng isang pangitain. Isa siyang propeta. Ano ang nakita niya? Nakita niya ang Salita, si Jesus Cristo. Sinabi niya, “Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay. At sa mga huling araw, tatayo Siya sa lupa. Bagamat

sirain ng mga uod sa balat ang katawang ito, gayunma'y makikita ko ang Diyos sa aking laman." Kita n'yo, ibinigay Niya ang pangitain ng pagkabuhay na mag-uli para sa kanya. Siya bilang isang propeta, nakita niya ang Salita. Nakita niya ang Salita at alam niya na ang kanyang mga buto at ang kanyang katawan ay babangon muli sa huling araw. Tinanong siya kung nalalaman ba niya kung nasaan ang Diyos, kung nakikita ba niya.

61 Sinabi niya, "Ang isang bulaklak ay namamatay, ito'y bumabangon muli; ang isang punongkahoy ay bumabagsak, ito'y bumabangon muli; pero ang isang tao'y humihimlay at nalalagutan ng hininga, siya'y ibinabaon, saan na siya naroon? Oh sa libingan ay ikubli Mo ako nawa, at itago Mo ako hanggang sa ang Iyong poot ay mawala."

62 Pagkatapos ang mga kulog ay nagsimulang umugong, nagsimulang kumislap ang kidlat, ang Espiritu ng Panginoon ay dumating sa propeta. At tumayo siya, at nakita niya ang Pagdating ng Panginoon, at sumigaw siya, "Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay, at sa mga huling araw ay tatayo Siya sa lupa. Bagamat sirain ng mga uod sa balat ang katawang ito, ay makikita ko ang Diyos sa aking laman." Ibinigay ng Diyos ang Salita, si Jesus Cristo, at nakita niya Siya at tinawag Siya na kanyang Manunubos.

63 Kinailangan noon ng Israel ng daan palabas ng Egipto, at naglaan ang Diyos sa kanila ng isang propeta, isang propeta na pinatotohanan ang Salitang ipinangako kay Abraham. Eksaktong, inilaan ng Diyos na daan! Hindi sila maaaring magsanay noon para maging isang sundalo, hindi nila magagawa ang *ganito*, hindi nila magagawa ang *ganoon*. Ang tanging ginawa nila'y naghintay sa inilaan na daan ng Diyos. At sinabi Niya, sabi, "Ilalabas Niya ang bayang 'yun, pagkatapos ng apat na raang taon. Ang Kanyang bayan ay magiging alipin, ngunit ilalabas Niya sila sa pamamagitan ng makapangyarihang kamay. Ipapakita Niya ang Kanyang mga tanda at mga kababalaghan, at magtatamo ng kaluwalhatian sa bansang 'yun."

64 Dumating nga 'yung tao, noong umiyak sila nang umiyak! At ngayon tandaan n'yo, hindi sila maililigtas ng lahat ng pag-iyak, hanggang sa matupad ang panahong 'yun.

65 Ang mga bagay na ito na ating nakikita ngayon, ay hindi maaaring mangyari noong dalawampung taon ang nakalipas, o noong apatnapung taon ang nakalipas. Ngayon mismo ito mangyayari. Ito na ang oras! Ito na ang panahon! Ngayon na ang oras na matutupad ito. Bakit? Ipinangako ito ng Diyos, at heto na ito.

66 Sabi nila, noong sandaang taon ang nakalipas, na, "Hindi na mangyayaring muli ang Bautismo ng Espiritu Santo." Sabi nila,

noong limampung taon ang nakalipas, "Ang Espiritu Santo . . ." Pero pinatunayan n'yo na mga Pentecostal sa kanila, na oras na ng Diyos para ibuhos ang Espiritu Santo. Kahit ano pang sabi-sabihin ng Methodist, Baptist, Presbyterian, Lutheran, nanatili kayo mismo sa Salita ng Diyos. Nagpunta roon ang kalalakihang may katapangan at nanatili hanggang sa dumating ang bautismo ng Espiritu Santo, at nagsalita sila ng mga wika't dinakila ang Diyos. Walang makapagsasabi sa inyo ng iba. Ang Sarili Mismo ng Diyos ang Kanya ring tagapagpaliwanag; nakuha n'yo ito. Maaaring hindi n'yo man ito maipaliwanag, pero alam n'yong taglay n'yo na ito. Sino ang makapagpapaliwanag sa Diyos? Wala ngang makagagawa.

67 Hindi ko masasabi sa inyo kung paano maipapakita ng Diyos ang isang pangitain, pero alam kong nangyayari ito. Hindi ko makita kung papaanong nagagawa ng Diyos ang mga bagay na ito. Hindi ko na tungkulin para ipaliwanag ito. Siya'y, mag-isang nananahan. Siya si Elohim, Yaong mag-isang kusang nabubuhay. Lingkod lamang Niya ako. Alam kong ipinangako Niya ito, at alam kong narito ito. Yan ang isang bagay na alam ko. Batid ko mismo, na Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Alam kong ipinangako Niya ito, at narito ang Diyos upang tuparin ang Kanyang pangako. Oo. Ang inilaan ng Diyos na daan!

68 Pinagkalooban ang Israel ng isang propeta, na nagpatunay sa Salita, at inilabas sila. Ang propetang ito, si Moises, nabuhay siya nang ilang taon sa ilang, apatnapung taon, nakikipagpunyagi sa mga tao roon, sinisikap na panatilihin sila hanggang sa madala niya sila sa lupang pangako. Dumating sa isang punto, kinailangan na niyang mamatay; siya'y sandaan at dalawampung taong gulang na. Walang dako para doon siya mamatay. Noong nakahanda na siyang mamatay, naglaan ang Diyos sa kanya ng isang Bato; ang Bato na hinampas niya sa ilang, ang Bato na sumunod sa kanila, na mula roon ay umiinom sila. Naglaan ang Diyos sa kanya ng isang Bato, isang dako upang doon siya mamatay, kung saan maaaring mamatay si Moises ng isang disenteng kamatayan.

69 Sa ibabaw ng Batong ito, Diyos, tulutan Mong mamatay ako sa Bato ring 'yun! Doon ko gusto. Ang Batong 'yun ay si Cristo Jesus. Siyanga, po.

70 Pagkatapos niyang mamatay, sa Batong 'yun, kinailangan niya ng mga tagadala. Pinadalhan siya ng Diyos ng isang grupo ng mga Anghel. Bakit hindi isang grupo ng kanyang mga matatanda? Dahil walang makakapagdala sa kanya kung saan siya pupunta, maliban sa mga Anghel. Dinala nila siya sa Presensya ng Diyos, kinailangan niya ng mga tagadala at ibinigay ito ng Diyos. Yumaon siya sa inilaang daan ng Diyos. Hallelujah!

71 Lumakad si Enoc nang limang daang taon kasama ng Diyos, at nalugod sa kanya ang Diyos. Kinailangan niya ng daan para makauwi na sa Tahanan. Inilaan ito ng Diyos.

72 Isinumpa noon ni Elias si Jezebel tungkol sa kanyang de koloreteng mukha, at tungkol sa pamamaraan na pinagawa niya sa lahat ng mga tao roon. At siya'y pagod na noon at nanlulupaypay, at handa na siyang Umuwi. Napakatanda na niya na halos hindi na siya makalakad patawid ng Jordan; naglaan ang Diyos ng daan para makatawid siya sa Jordan. Gusto na niyang umakyat sa Langit, para makatagpo ang Diyos; nagpadala ang Diyos ng isang karwaheng apoy, at mga kabayo, at iniangat siya. Ang inilaang daan ng Diyos. Ang inilaang daan ng Diyos. Palagi Niya itong ginagawa nang sadyang eksakto. Tama. Siyanga, po. Naglalaan ang Diyos ng daan, sa tuwina. Siyanga.

73 Ang mga lalaking pantas, noong naroon sila sa kanilang paglalakbay mula roon sa Babilonia, nakakakita sila ng isang daan na gusto nilang tahakin, dahil alam nilang ipanganganak na ang Haring ito. Kinailangan nila ng kompas; naglaan ang Diyos ng isang Bituwin. Iniwan nila ang lahat ng iba pa. Hindi na nila kailangan ng mga kompas; sinundan lang nila ang Bituwin. Iyon ang inilaan ng Diyos na daan. Naglaan ang Diyos ng daan, sinundan nila ang Bituwin hanggang sa matagpuan nila ang perpektong Liwanag. Oh!

74 Nangangailangan ng isang Tagapagligtas ang sanlibutan, isang araw. Ang mga tao'y talagang mapapahamak; wala silang kamalay-malay nito. Akala nila'y ligtas sila, pero kailangan pala nila ng isang Tagapagligtas. Nagbigay ang Diyos ng Anak, bilang Tagapagligtas. Bakit? Wala kasing ibang makagagawa nito. Walang tao sa lupa, walang tao sa Langit, wala kahit saan, ang makagagawa nito. Nililiman ng Diyos ang isang birhen, naglihi ang babae at nagsilang ng isang Anak na Lalaki. At ang Anak na Lalaking ito'y hindi Judio o Gentil man. Siya ay Diyos, na nahayag sa laman, ang nag-Iisa na maaaring tumubos. Inililigtas tayo ng Kanyang Dugo. Pinagagaling tayo ng Kanyang Dugo. Ang Dugong 'yun ang maaari nating matayuan, sa anumang pangako na ipinangako Niya. Nangako ang Diyos na gagawin Niya ito.

75 Kinakatagpo lamang ng Diyos ang mananamba sa pamamagitan ng Dugo, sa ilalim ng Dugo. May isang lugar noon ang Israel upang makatagpo ang Diyos. Hindi sa isang. . .Ang Diyos ay mayroong isang Dako mismo, ngayon, na Kanyang— Kanyang kinakatagpo ang mananamba; hindi sa Methodist, Baptist, o Pentecostal. Kinakatagpo Niya sila sa ilalim ng Dugo. Yan ang tanging inilaan na lugar na mayroon ang Diyos; hindi sa organisasyon, hindi sa isang pakikianib. Kundi sa Dugo na doon mismo kinakatagpo ni Jesus Cristo ang Kanyang mananamba. "Kapag nakita ko ang Dugo!" Yan ang inilaang daan ng Diyos.

76 Matapos na lubusang makumbinsi ang iglesya, noong makita nila Siya, na Siya nga ang Mesiyas!

77 Noong ang munting babae sa may balon, noong kinailangan niya ng isang Tagapagligtas, kinailangan niya ng isang bagay na magpapakita. Matagal na siyang dumadalo sa simbahan at lahat ng iba pa, at nakita nila ang kredong ito at ang kredong 'yun, hanggang sa, naging isa na siyang patotot. Ibinaling siya nito sa lansangan. Isang araw, iigib sana siya ng isang timbang tubig, mga alas onse nang umaga, at may nakaupong isang Lalaki roon; isang Judio, sa maliit na tanawing ito. At sabi niya . . .

78 Noong inihulog niya ang kanyang balde sa talian ng lubid, para sumalok ng tubig, narinig niyang sinabi ng isang Lalaki, "Babae, dalhan mo Ako ng maiinom." At sabi nito . . .

79 Agad siyang napalingon, at iniisip na isa lamang Siyang ordinaryong Judio, dahil Siya'y tao lamang kung sa katawan babase. Isa Siyang Tao; kumakain, umiinom, natutulog, tulad ng ginagawa natin. Taong-tao talaga siya na anupa't maaari Siyang mamatay, at ganoon pa man Siya ang Diyos. Pagkatapos ay nalaman natin, na noong . . .

80 Sabi "Hindi kaugalian para sa inyo na mga Judio na humingi sa mga Samaritano ng mga bagay na tulad n'yan."

81 Sabi Niya, "Pero kung nalalaman mo kung Sino ang kausap mo, hihingi ka sa Akin ng maiinom." Sabi, "Humayo ka't sunduin mo ang iyong asawa at pumarito ka."

Sabi nito, "Wala akong asawa."

82 Sabi, "Totoo ang sinabi mo. Nagkaroon ka na ng lima, at ang kinakasama mo ngayon ay hindi sa iyo." Anong nangyari? Naglaan ang Diyos ng isang bagay para sa kanya.

83 Sabi niya, "Ginoo, nakikita kong Ikaw ay isang propeta. Alam namin na pagdating ng Mesiyas, ay ipapahayag Niya sa amin ang mga bagay na ito. Yun ang gagawin Niya. Ganito ang sabi ng Salita. Hinihintay namin ito. Sawa na ako't pagod na sa lahat ng bagay na ito, ang kanilang mga kredo't mga bagay-bagay, mga Fariseo, mga Saduceo, mga Herodiano, kung anu-ano pa. Pero alam namin ang pagdating ng isang Mesiyas, kapag Siya'y dumating. Ano ang masasabi Mo tungkol dito?"

84 Sinabi Niya, "Ako nga Siya." Amen! Naglaan ang Diyos ng isang daan. Iniwan ng babae ang banga ng tubig, isa na siyang nabagong babae, at tumakbo sa bayan, at sinabi, "Halikayo, tingnan n'yo ang isang Lalaki na nagsaysay sa akin ng mga bagay na nagawa ko. Hindi ba't ito na ang Mesiyas?"

85 Si Pedro, na nakikinig sa kuwento ni Andres, at maraming beses nang nakinig, kanyang narinig si Andres na nagsasalita tungkol kay Juan na nagpakilala ng isang Mesiyas, at isang Tao, at lahat na ng mga bagay na nagaganap. Lahat ng ito'y hiwaga kay Pedro. Pero isang araw ay sumama siya kay Andres, upang

makita si Jesus. At nang makadako siya sa Presensya ni Jesus, tumingin si Jesus sa kanya, at sinabi Niya, "Ang pangalan mo ay Simon, at anak ka ni Jonas." Naglaan ang Diyos ng daan para makita ni Pedro kung Sino Siya. Na Siya ang Mesiyas na 'yun.

86 Ngayon nalaman natin, na pagkatapos mamatay si Jesus, at umakyat sa Langit, kinailangan ng Iglesya ng Kapangyarihan, upang sumaksi. Binigyan sila ng Diyos ng Pentecostes. Nagkaloob Siya ng Pentecostes.

87 Dalawang libong taon na ang lumipas, mga kaibigan. Dalawang libong taon na ang lumipas. Sa huling mga araw na ito, siyanga't humantong na tayo halos, na ang tao'y napasok sa sistema ng Cristianismo at muli Itong binaluktot, na pinaging hybrid Ito patungo sa mga kredo, mga iglesya, mga denominasyon, mga intelektuwal na pananalita, hanggang sa ang Kapangyarihan at ang tunay na bagay ng Ebanghelyo ni Cristo'y halos nawala na. At narito tayo na may Salitang ipinangako para sa huling mga araw na ito, kung ano ang mangyayari, kung ano ang magaganap; pero hindi Ito pinaniniwalaan ng tao. Lumayo na sila Rito. Tatanungin mo sila kung sila ba'y Cristiano; sasabihin, "Kabilang ako sa *ganoon-at-ganito*." Wala 'yang kinalaman na anuman. Ang kailangan mo'y maging isang Cristiano sa kapanganakan. Ngayon ay muli nating naisadlak ang buong bagay patungo sa isang Babilonia, pagkatapos ng dalawang libong taon.

88 Kailangan ng Iglesya ngayon ng Kapangyarihan at Katotohanan, muli. Oh! Ibinangon ng Diyos ang Kanyang Anak, upang isaayos ito, dahil sinabi Niya, "Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan; gayon ma'y makikita ninyo Ako, sapagkat Ako'y kasama ninyo, sasainyo." Nalaman natin, sa Hebreo 13:8, "Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

89 Nalaman natin, sa Malakias 4, na nangako Siya sa atin ng isang Mensahe sa huling mga araw, na "magpapanumbalik sa Pananampalataya ng mga tao sa mga magulang." Ipinangako niya ito, para sa huling mga araw.

90 Nangako rin Siya, sa Juan 14:12, "Ang sumasampalataya sa Akin, ay gagawin din niya ang mga gawang Aking ginagawa. At mas marami pa rito, o higit pa rito, ang gagawin niya, sapagkat Ako'y pupunta na sa Aking Ama."

91 Nagsasalita Siya noon isang araw. Sabi nila, "Guro, pakitaan Mo kami ng isang tanda."

92 Sabi Niya, "Ang isang mahina at isang lahing mapangalunya ay humahanap ng isang tanda." Yan ang lahing ginagalawan natin ngayon. Sabi Niya, "At bibigyan Ko sila ng isang tanda. Dahil kung papaanong si Jonas ay napasa tiyan ng balyena, nang tatlong araw at gabi, gayundin naman na ang Anak ng tao'y mapapasailalim ng lupa, nang tatlong araw at gabi."

93 Ano bang uri ng tanda ang malalaman ng isang masama at mapangalunyang lahi? Ang tanda ng pagkabuhay na mag-uli. At ’yun ang ipinangako sa atin ngayon, ang tanda ng pagkabuhay na mag-uli na Siya’y nabubuhay pa rin, Siya’y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

94 Sabi Niya, “Kung papaano ang nangyari noon sa mga araw ni Lot,” katulad mismo nung natalakay natin kagabi. “Sa mga araw ni Lot, kung ano ang nangyari sa mga araw ni Lot, ay gayundin naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao.” Ang mga bagay na ito’y ipinangako sa atin, marami pa mismong Kasulatan. Para di na tayo gumugol pa ng maraming oras. . . “Kaunting panahon pa at hindi na Ako makikita ng sanlibutan. *Kosmos*, ‘ang tuntunin, sa kapanahunan ng iglesya,’ hindi na nila Ako makikita. Gayunma’y makikita ninyo Ako, sapagkat Ako’y kasama ninyo, sasainyo, hanggang sa katapusan ng panahon.” “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Ano ito? Ito ang inilaang tanda ng Diyos, inilaang daan ng Diyos.

95 Si Abraham na naghihintay ng anak. Ang huling tanda na nakita niya bago ang pagkawasak ng mga Gentil, ay ang Diyos na nahayag sa katawang-tao, na natalos Niya ang mga lihim ng puso ni Sarah noong ito’y nasa tolda. Sabi ni Jesus, “Muling babalik ’yun sa pagdating ng Anak ng tao.” Kapatid na lalaki, kapatid na babae, naniniwala akong nabubuhay na tayo sa araw na ’yun. Naniniwala akong ito na ang araw ng pangako.

96 Kailangan n’yong magkaroon ng pananampalataya sa ginagawa n’yo. Kung wala kayong taglay na pananampalataya, kung nagbabaka-sakali lang kayo. . . Ang salitang *pagbabaka-sakali*, ayon kay Webster, ay nangangahulugang, “ang makipagsapalaran nang walang kapamahalaan.” Pero kapag ito’y ipinangako ng Salita, at nakatayo ang Diyos sa likod ng Salitang ’yun, hindi ka na nagbabaka-sakali pa. Ginagawa mo mismo kung ano ang sinabi ng Diyos na gawin, at tungkulin Niya na itaguyod Ito.

97 May isang dakila’t, kilala, na isang—isang tagapanguna ng mga rebaybal, maraming taon na ang nakalipas, nakita ko siya noong munting bata pa ako, siyanga’t si Paul Rader. Nagkuwento siya, isang araw, na talagang tumimo sa akin nang husto. Sabi niya, “Isang araw, nagpuputol kami ng kahoy.” Isa siyang magtrotroso, doon sa Oregon, at ikinuwento niya na sinabihan daw siya ng amo niya na umakyat sa tuktok ng burol. Sa panaginip niya ito. Yung kung nasaan siya talaga, noong panahong ’yun, naroon siya sa mga isla; at nilalagnat, talagang mainit, at naghihingalo na siya. Nagpapunta sila ng isang doktor, pero milya-milya mismo ang layo, gamit ang maliit na bangka.

98 Bago makarating dun ang doktor, nagsimulang mawalan ng ulirat si Paul, lumala nang lumala ang sakit. Tinawag niya ang kanyang tapat na asawa. Sinabi niya, "Mahal, dumidilim na sa kuwarto, papadilim na, malapit na." At bumalik siya sa pagiging walang malay.

99 At nang nawalan na siya ng malay, ang sabi niya'y nanaginip daw siya, noong siya'y walang malay, na pinapaakyat daw siya roon ng kanyang amo para magputol ng isang punongkahoy. Natagpuan nga niya ang puno, ibinuwal niya ang puno, itinaga ang kanyang palakol dito, at yumuko siya para buhatin ito. Sadyang hindi niya ito mabuhat. Sabi niya'y nauubos na raw ang kanyang lakas. Talagang hindi niya ito mabuhat. Sabi niya, "Sa laki ng punong 'yan, tiyak na kakayanin kong dalhin ito. Sige't masubukan ko ngang muli." At yumuko siya't binuhat niya, talagang nagpakahirap siya hanggang sa mapagod siya. Umupo na lang siya sa tabi ng puno't, sabi niya, "Naku't hindi ko na alam kung anong gagawin ko. Kailangan na ng amo ang punong ito dun sa ibaba sa kampo, at masyado akong mahina para dalhin ito pababa."

100 Ang sabi'y narinig daw niya ang pinakamatamis na Tinig na narinig niya kailanman, 'yung amo niya 'yung nagsalita; pero ang sabi, noong lumingon siya para tingnan kung sino 'yung amo niya, haya't ang Panginoong Jesus pala. Sabi Niya, "Paul, ano bang lumiligalig sa'yo? Ano ba 'yang labis na gumugulo sa'yo? Nakikita mo ba 'yang tubig na umaagos diyan?" Sabi, "Bakit hindi mo mismo ihagis ang troso sa ilog, at sakyan mo ito pababa? Sakyan mo ito papunta sa kampo."

101 Umangkas siya sa troso at nagsimulang magpadausdos sa maliliit na alon, sabay sigaw sa pinaka malakas na tinig na makakaya niya. "Sinasakyan ko na ito! Sinasakyan ko na ito!"

102 Kapatid na lalaki, kapatid na babae, ipinangako ni Jesus Cristo ang mga bagay na ito na mangyayari sa huling mga araw. Naniniwala akong nabubuhay na tayo rito. Naniniwala ako na Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Hindi ko alam kung paano nangyari, pero nakasasakay ako Rito. Naniniwala ako na Ito ang Katotohanan, dahil Ito ang Ebanghelyo, ang inilaan na daan ng Diyos. Naniniwala ako na Ito ang Mensahe ng oras, ang oras na ating kinabubuhayan. Ito ang inilaan na daan ng Diyos. Nakasasakay nga ako Rito!

Maaari ka bang sumama sa akin, habang nakayuko ang ating mga ulo?

103 Makalangit na Ama, nakasasakay kami papunta sa Kaluwalhatian sakay sa Iyong Salita. Naniniwala kami na ang Iyong Salita ay Katotohanan. Oh Diyos, ang bawat lalaki't babae nawa, ngayong gabi, ay sumakay sa Salita, at tandaan nila, na habang nakasasakay sila sa paglalakbay na ito, ay maaari nilang ipahayag, "Nakasasakay ako sa pangako ng Diyos. Dadalhin ako

Nito mismo tungo sa Kaluwalhatian. Ito ang ibinigay na daan ng Diyos para sa akin sa panahon ngayon. ‘Si Jesus Cristo’y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.’”

104 Sabi Mo, “Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan, ngunit makikita ninyo Ako; sapagkat Ako’y kasama ninyo, sasa inyo.” Nangako Ka sa amin, Panginoon, na makikita Ka namin.

105 Dumating ang mga Griyego, minsan, at sinabi, “Mga ginoo, ibig sana naming makita si Jesus.” At pinagkalooban sila ng ganoong pribilehiyo. At kaya ngayong gabi, Panginoon, nais Ka po naming makita, rin. Ito ang hinahangad ng aming mga puso. Walang sinuman ang makakarinig tungkol sa Iyo, maliban na nais Ka nilang makita. Kung ganoon na ang mga Griyegong ito’y pinahintulutan na makita Ka, haya’t naglaan Ka po ng daan para makita Ka namin, gumagawa Ka sa tuwina ng daan dahil Ikaw ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Dinala ng isang lingkod ang mga Griyegong ito sa Iyong Presensya, at nakita Ka nila. Ipagkaloob Mo po sa amin ang parehong pribilehiyo ngayong gabi, Ama. Amin nawa, bilang mga tagapaglingkod, na madala ang mga nagsidalo rito sa Iyong Presensya. At makita nawa namin si Jesus, ngayong gabi, na Siya’y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

106 Iligtas Mo po ang mga naliligaw, Panginoon, kung mayroong isang lalaki, babae, kabataang lalaki, o kabataang babae. Kapag nakikita namin ang aming bansa na labis na sinasalaula ng mga mamamatay-tao at mararahas na kriminal, at mga taong masama, at ang makita ang kabulukan sa bansa ngayon! At ang makita ang kabulukan sa mga simbahan, at makita silang papunta na sa ekumenikal na pamamaslang na ’yun doon, dahil hindi sila tumutugaygay sa inilaang daan ng Diyos! Tumutugaygay sila sa daan ng kung anong kredo sa halip na tumutugaygay sa pamamagitan ng Salita.

107 Diyos, idinadalangin po namin ’yung tunay, na totoong, ipinanganak na mga Cristiano, gaya ng pagsasalarawan ko rito, na pagiging tunay na mga pato, na kanilang. . . “Pinakikinggan ng Aking mga tupa ang Aking Tinig, hindi sila susunod kailanman sa iba.” Panginoon, ang Iyong Tinig ay ang Salita. Yan na noon pa man ang inilaan Mong daan para sa Iglesya at para sa mga tao, ang Iyong Salita. “Ang Iyong Salita ang Katotohanan.” At Ikaw ang Salita. At sinasabi sa amin ng Biblia, “Ang Salita ng Diyos ay higit na matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim, may kakayahang kumilala ng mga pag-iisip at mga hangarin ng puso.”

108 Bakit hindi makita ng Israel noon ang kanilang Mesiyas, nang makita nilang Siya ang Salitang ’yun, gayong nakikilala Niya ang mga pag-iisip na nasa kanilang puso? Bakit hindi nila

nakita? Naunawaan naman nila ito sa pamamagitan ng mga propeta, na sinikap na ilahad ng mga propeta; pero noong ang kapuspusan ng Diyos ay ipinangyari mismo sa Kanyang Anak, at tumahan Siyang kasama namin, mangyari nga na nabigo silang makita ito dahil nabulag sila.

109 Panginoon, sila na mga nakabukas ang kanilang mga mata, ngayong gabi, makita nawa namin si Jesus sa aming kalagitnaan. Gumaling nawa ang bawat taong may sakit. Matugunan na nawa ito, Panginoon, upang hindi na sila, kailanpaman, magmula sa oras na ito. . . kundi sasampalataya na Ikaw nga ang Mesiyas. Papalapit na sila sa daan ng Diyos. Marami sa kanila ang narito, ngayong gabi, na naghihingalo. Marami rito, ngayong gabi, na marahil ay wala na rito sanlinggo mula ngayon, kung Ikaw po'y, kung hindi darating ang Iyong tulong.

110 Ngayon, Ama, responsable Ka lamang sa kung ano ang ipinangako Mo. Mangyari po na ipinangako Mong makikita Ka namin. Nangako Ka na ang ginawa Mo'y gagawin din naman namin. Ito na ang oras na 'yun. Ipinahayag ko na ito; sinasampalatayanan ko ito. Narinig kong sinabi Mo na ganoon nga; sinasabi ng Iyong Salita na ganoon ito. Pinapatotohanan Mo ito. Alam kong totoo ito. Ngayon ipahintulot Mong maalaman ito, Panginoon. Naisulat na ito, ngayon ay itulot Mo po itong mapangyari, alang-alang sa Kaharian ng Diyos. Amen.

111 Sa palagay ko hindi na tayo makakapagtawag ng pila para sa pananalangin. Sa palagay ko'y gagamitin ko na lang ito mula rito.

112 Ilan sa inyo ang may sakit? Ngayon kayo ba'y. . . Itinataas n'yo ang inyong kamay, pinapatunayang kayo'y may karamdaman.

113 Ilan sa inyo ang magpapatunay nang ganoon din, "Kapatid na Branham, hindi pa talaga ako ligtas"? Maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay, "Ipanalangin mo ako"? Pagpalain ka ng Diyos, ikaw. Mainam 'yan. Iyan ay. . . Pagpalain ka ng Diyos. "Hindi pa ako ligtas."

114 Ngayon, kayo na nagtaas ng inyong mga kamay, at kayong hindi, "Pero, Kapatid na Branham, talagang gusto kong maligtas. Ito ang nasa puso ko. Naniniwala ako na wala nang natitira para sa kaninuman sa mundo." Ano pa, ano pa ba ang maaari n'yong kamtin, na hihigit pa sa inyong kaligtasan? "Ipanalangin mo ako. Gusto kong maligtas." Maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay, sige't sa buong gusali po, saanmang dako, "Gusto kong. . . "?

115 Ilan sa inyo ang hindi pa nakatanggap ng Espiritu Santo, sinasabi, "Alam kong kailangan ko Itong matanggap"? Itaas n'yo ang inyong mga kamay. "Hindi ko pa natanggap; gusto kong tanggapin." Sige, medyo marami-rami ang hindi pa.

116 Ngayon, tinutupad ni Cristo ang Kanyang Salita, at kailangan n'yong panatilihin ang inyong pananampalataya sa Kanya. Siya ang Salita. Ngayon, sa ika-4 na kabanata ng Mga Hebreo, ang sabi roon, "ang Salita ng Diyos," na si Cristo. Si Cristo ang Salita. Alam n'yo na bang lahat 'yun? Sige't sabihin, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siya ang Salita, "siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Kung ano Siya kay Moises, ganoon din Siya kay Elias; kung ano Siya kay Elias, ganoon Siya kay Juan; kung ano Siya kay Juan, kinumpleto Niya ang Kanyang Sarili kay—kay Jesus. At ngayon Siya'y pareho pa rin kung paano Siya noon, at Ito pa rin ang Salita ng Diyos na iprinopesiya para sa araw na ito, na nagpapaging Liwanag sa Kanya na nagliliwanag at nagpapatotoo sa ipinangakong Salita.

117 Nasa wakas na tayo, mga kaibigan. Narito si Jesus. Alam kong narinig n'yo na 'yun.

118 Ano kaya kung hindi ka kailanman nakakita, sa buong buhay mo, at hindi ka nagkaroon kailanman ng pandamang paningin, na wala namang taong ganoon, na kahit paminsan-minsan ay hindi nakakaramdam ng talagang mainit na pakiramdam? At mayroon akong paningin, haya't nakakakita ako, at sasabihin ko sa iyo na 'yun ang araw. Sasabihin mo, "Hindi ko alam kung papaano ito nangyayari, pero nakakaramdam ako, na para bang mainit, na mararamdaman mo."

Sasabihin ko, "Ang araw 'yun."

"Ano 'yung araw?"

"Isa 'yung liwanag."

"Ano 'yung liwanag?" Yun nga'y magiging bagong mundo sa iyo.

119 Pero papaano kung sasabihin ko sa inyo na nakatayo rito ngayon si Jesus Cristo? Papaano kung sasabihin ko sa inyo na nasa kalagitnaan natin Siya? Ipinangako Niya ito. "Kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa Aking Pangalan, ay naroon Ako sa gitna nila. Naroon Ako!" Ngayon ito po'y maaaring Katotohanan, para sa akin, *Ito* ang buong Katotohanan, o hindi Ito Katotohanan ano't anuman. *Ito'y* alinman na Tama, o ito'y hindi tama.

120 Ngayon, sa pagliligtas sa inyo, ginawa na Niya 'yun noong namatay Siya sa Kalbaryo. Ang pagpapagaling sa inyo, ginawa Niya 'yun noong namatay Siya sa Kalbaryo. Sampalatayanan n'yo mismo 'yun. Sinabi ng Salita na ginawa nga Niya.

121 Ngayon ang tanging bagay na magagawa Niya, kung nakatayo Siya rito na—na suot ang ternong ito, na ibinigay Niya sa akin, ay magpatunay lamang sa inyo na Siya ang Mesiyas.

122 Hindi sa pamamagitan ng mga pilat ng pako sa Kanyang kamay. Kayang gawin ’yun ng kahit sinong mapagpanggap, maglagay ng mga pilat ng pako, at dugo sa kanyang mukha, at mga marka’t mga bagay-bagay. Magagawa nila ’yun. Nagawa na nga. Marami ngang tao ang ipinako rin sa krus tulad Niya. Hindi ’yun.

123 Kundi ang Kanyang Buhay, ’yung bagay na nasa Kanya! “Walang magagawa ang Anak, sa Kanyang Sarili, kundi kung ano ang nakikita Niyang ginagawa ng Ama.” Ang Buhay ’yun na nasa Kanya, ang nagpatunay. Hindi dahil isa Siyang Judio kaya’t pinaniwalaan Siya nung munting babae sa may balon bilang ang Mesiyas; haya’t dahil may kakayahan Siyang kumilala ng mga pag-iisip sa kanyang puso, ’yun ang nagpaging Mesiyas sa Kanya. Kung ganoon ang paraan ng pagpapakilala ng Mesiyas sa Kanyang Sarili sa mga nagdaang panahon, ’yun ang inilaan Niyang paraan para maipakilala ang Kanyang Sarili. Yun ang inilaan Niyang paraan, ayon sa Kasulatan, para sa kapanahunang ito. Sinasampalatayanan n’yo ba ’yun?

124 Ngayon, sa bawat isa sa inyo rito, ako’y isang estranghero. Tumitingin-tingin ako sa paligid, wala akong nakikita rito na kakilala ko. Lahat ng narito, na hindi ako kilala, at alam na wala akong nalalaman na anuman tungkol sa inyo, itaas n’yo ng inyong mga kamay. Lahat mismo, sa buong lugar na ito. Itong nakaratay rito sa banig na tiheras, siya’y nagtaas ng kanyang kamay. Hindi niya ako kilala. Walang nakakakilala sa akin.

125 Pero alalahanin n’yo, kilala kayo ng Diyos. Kilala kayo ng Diyos. Ngayon, kung patunayan Niya na narito Siya.

“Ano ’yun, Kapatid na Branham?” Isa itong kaloob.

126 Ano ang kaloob? Ano ba ang kaloob, siyanga? Hindi ’yun para kunin ng isang bagay at gamitin ang isang bagay, na sasabihin, “Mayroon akong kaloob ng pagpapagaling! Pumupunta ako at pinapagaling ang isang *ito*, pinapagaling ang isang *iyon*.” Kung magagawa ko lang ang ganoon, tiyak na gagawin ko ito. Ngayon, pero, ang isang kaloob, at inyong—inyong. . .Mali ang pagkaunawa n’yo sa isang kaloob. Ang *kaloob* ay “alisin mo ang sarili mo sa pagkakahambalang sa daan at hayaang gamitin ka ng Espiritu Santo.” Kita n’yo? Yan ang kaloob.

127 Ganyan ang isang ministro. Hindi niya ipinapangaral ang gusto niyang ipangaral. Inaalis niya ang kanyang sarili sa pagkakahambalang sa daan, ito’y isang kaloob, at dumarating ang inspirasyon, at siya’y—siya’y nagsasalita sa pamamagitan ng inspirasyon ng Espiritu Santo. Ganoon din ’yun sa anumang iba pang kaloob. Ngayon, ang mga kaloob na pangministeryo, at iba pa, ay ganoon din. Mayroong, una, mga kaloob na bigay ng Diyos, ito ’yung, “una’y mga apostol, mga propeta, mga guro,

mga pastor, at mga ebanghelista." Yan ang mga katungkulan. Yan ang kaloob sa amin.

128 Ngayon, nangako si Jesus Cristo na gagawin Niya ito sa huling mga araw. Kung gagawin Niya ito, kung ipinangako Niya 'yun at gagawin ito, ilan ang sasampalataya at tatanggap sa Kanya, ngayong gabi? Itaas n'yo ang inyong kamay, sabihin, "Tatanggapin ko Siya." Ilan ang narito kung ganoon na... Salamat. Ilan ang narito na hindi pa nakadalo sa isa sa mga pagtitipon dati, itaas n'yo ang inyong mga kamay. Naku, halos kalahati ng narito. Ilan ang sumasampalataya, bago pa Niya gawin ito, na sumasampalataya kayo ano't anuman? Pagpalain kayo ng Diyos.

129 Ngayon tingnan n'yo. Kung sinabi ko sa inyo ang Katotohanan, obligado ang Diyos na tugunin ako. Tutugunin Niya. Inilalagay Niya ang Kanyang mga Salita sa bibig mo at nagkakatotoo ang mga ito. Siyanga, Ito'y mga Salita Niya, kailangan Nitong ipangyari 'yun. "Isinugo Ko ang Aking Salita, Hindi Ito babalik na walang katuturan."

130 Ngayon, kung kaya kong magpagaling, gagawin ko po 'yun. Tulad na lang ng kagalang-galang, na yumaong, Kapatid na Upshaw na pinag-uusapan natin. Ang matandang 'yun na nakaupo roon sa likod sa silyang de gulong, isang magiting na matandang lalaki, pinagaling ko na sana siya kung magagawa ko. Paalis na ako sa entablado noon, sa totoo lang, at lumingon ako't nakita ko siya sa isang pangitain, na papunta, naglalakad. Tinawag ko siya, sinaysay sa kanya kung ano 'yun, at 'yun na 'yun. Tumayo siya't lumakad, pumunta sa entablado, hinawakan ang mga daliri niya sa paa, matapos na maging lumpo sa loob ng animnapu't anim na taon. Kita n'yo?

131 Noong gabi ring 'yun, isang itim na ginang, na dala-dala ang kanyang anak, doon sa gilid. Sabi ko, "Nakikita ko ang isang—isang doktor na nakasalamin, at—at inoperahan niya ang isang munting, itim na batang babae, at 'yun ang dahilan kung bakit naparalisa siya mula sa kanyang lalamunan."

132 Isang matandang itim na babae, hindi mo siya halos mapigilan sa entablado. Sabi niya, "Panginoon, mahabag Ka, ang anak ko 'yun!" At heto na siyang parating, hindi siya kayang pigilan ng isang grupo ng mga usher.

133 Sabi ko, "Ale, hindi mo na kailangang umakyat pa rito. Hindi 'yun... ang Diyos 'yun." Sabi ko, "Hindi mo na kailangang umakyat pa rito. Manampalataya ka lamang." At lumuhod siya't nagsimulang manalangin. Tumingin ako sa mga dumadalo at nakita ko ang isang makipot na daan, na parang, hawi. Nakita ko ang isang maliit na itim na batang babaing may kilik na manika sa kanyang mga bisig, dumadaan doon sa makipot na eskinita. At tumingin ako sa munting, itim na batang babae, lumingon, at

siya rin ito. Sabi ko, "Tumugon Ito." Tumayo siya, at iniwan na ang banig na tiheras. Kita n'yo?

134 Ang Diyos 'yun. Kita n'yo? Ang Diyos 'yun. Kita n'yo? Hindi niya kayang. . . Walang makapagpapagaling. Ito'y sa pananampalataya n'yo sa Diyos.

135 Ngayon, ang sabi ng Biblia, na, "Siya ang Dakilang Saserdote, ngayon mismo, na nahihipo't nahahabag sa ating mga kahinaan." Sumasampalataya ba kayo roon? Isang Dakilang Saserdote! Ngayon, kung Siya ang Dakilang Saserdote, papaano Siya kikilos? Kung Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, kikilos Siya nang katulad mismo ng kahapon, ngayon, at magpakailanman.

136 Ngayon manalangin kayo, at hayaan ang Espiritu Santo kung ganoon. . . Sabihin mo sa Diyos, "Diyos, hindi ako kilala ng lalaking ito na nakatayo roon, pero may katuturan ang sinasabi Niya. Ikaw ay nananatili. Ikaw ang Cristo. May sakit po ako. Nangangailangan po ako. At kung pahihintulutan Mo ako alinman sa. . . Kung wala akong pananampalataya para ipangyari ito, itulot Mo po ang isang tao na kilala ko na may pananampalataya, at ibunsod itong. . . Tumawag Ka at ibunsod—ibunsod—ibunsod Mong mahawakan ko o ng taong 'yun ang laylayan ng Iyong Damit sa Kaluwalhatian. Kung magkagayon kung ang taong 'yun ay hindi na nakahambalang sa daan, kung gayon ay gamitin Mo ang kanyang bibig upang mangusap pabalik, at gawin Mo lang ito katulad ng ginawa Mo noong Ikaw ay nasa lupa. Malalaman ko na Ikaw ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

Sige't iyuko po natin ang ating mga ulo ngayon.

137 Panginoong Jesus, mula sa pagi-ebanghelyo patungo sa gawaing pagpropropesiya, siyanga't nananampalataya pa rin ako sa Iyo, Panginoon, ipinangako Mo ito. At dalangin ko po na ipagkakaloob Mo ito, ngayong gabi. Ipagkaloob Mo po. Pakinggan ako. Kapag umalis na rito ang mga tagapakinig na ito, ngayong gabi, at umuwi na kami, masabi nawa namin tulad ng mga nanggaling noon sa Emaus, "Hindi baga nag-aalab ang ating mga puso sa loob natin habang tayo'y kinakausap Niya sa daan?" Binuhay na noon mula sa mga patay si Jesus; wala silang kamalay-malay. Kausap nila Siya; wala silang kamalay-malay. Pero noong nakapasok na Siya kasama sila sa bahay, at isinara ang pinto, pagkatapos nga'y gumawa Siya ng isang bagay sa paraan na ginawa Niya noon bago ang pagkapako Niya sa krus. Binuksan Nun ang mga mata nila. Nakita nila na Siya 'yun. Muli, Panginoon, mag-alab nawa ang aming mga puso sa aming pag-uwi ngayong gabi, gaya ng kanilang puso. Dahil batid namin na kinausap Mo kami sa daan. Gawin Mo po ang mga bagay, ngayong gabi, na ginawa Mo noong Ikaw ay nasa lupa,

dahil Ikaw ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

138 Ngayon kayo'y manalangin at sumampalataya lamang. Italaga natin ang panig na *ito*, muna. Saan ka man naroon, sa gusali, manampalataya ka sa Diyos. Nais kong maging tunay na mapitagan ang bawat isa't umupo nang tahimik, manalangin.

139 Lubos ngang imposible ito. Nangusap ako kaninang umaga, sa agahan ng mga ministro, "isang paradox." Ang isang *paradox* ay bagay na di kapani-paniwala, "isang bagay na di kapani-paniwala, pero totoo." Alam n'yo na kapag tatayo rito ang Espiritu Santo't magsasalita ng isang bagay sa mga tagapakinig, sa mga hindi ko kakilala, tiyak na isa itong paradox. Isa itong bagay na hindi maipaliwanag. Hindi ko alam kung gagawin Niya. Umaasa lang ako na gagawin Niya, nagtitiwala na gagawin Niya.

140 Ngayon manalangin lang kayo, at sabihin, "Panginoong Jesus, ibig kong mahawakan ang Iyong damit, at ako—ako po'y may pangangailangan. Ipinapangako ko sa Iyo, Panginoon, ako'y—ako'y maglilingkod sa Iyo nang buong buhay ko." Nais ng Diyos na magsisi ka. Kung hindi ka pa nagsisisi; magsisi ka na, sabihin mo, "Nais ko pong magsisi, Panginoon. Nais kong pagalingin Mo ako. Nais kong pagpalain Mo ako. Pagalingin Mo po ako ngayon Panginoon. Ako'y Iyong lingkod."

141 Akin sanang . . . Namigay ka ba ng mga prayer card ngayong araw? Tatanungin ko sana si Billy kung . . . Kung hindi siya namigay, tatawag ako ng pila para sa pananalangin. Pero hindi sila namigay ng mga prayer card ngayon. Umupo na lang kayo nang may pagpipitagan, manampalataya kayo.

142 Ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo, isinasailalim ko ang bawat espiritu rito sa aking pamamahala, para sa ikaluluwalhati ng Diyos, para maipakilala ang Kanyang Salita, nang sa gayon sa Araw ng Paghatol ay wala tayong maidadahilan.

143 Ngayon tumingin kayo sa direksyon dito, at manampalataya kayo ngayon. Manalangin kayo nang buong puso n'yo, at manalangin lamang, at nang may pagpapakumbaba. Huwag n'yo Itong kontrahin. Kumampante lang kayo, at sabihin, "Panginoon, Ikaw ang nangako. Sinasampalatayanan Kita." Yun ang kailangan kong gawin.

144 Alam kong hindi ko na kailangan pang tanungin kayo. Ilan na ang nakakita sa Liwanag na 'yun? Sige't tingnan nga natin. Nakita n'yo na ang litrato Nito. Sige't tingnan natin ang mga kamay n'yo, na nakakita na ng litrato Nito. Hindi ba't nakikita Ito roon mismo? Kita n'yo, ito'y ibang dimensyon. Nasa ibabaw Ito ng ginang na 'yun.

145 Pinahihirapan siya ng suliranin na 'yun sa kanyang mga binti't likod. Siya . . . Naniniwala ka bang kaya kang pagalingin ng Diyos, kapatid na babae? Ano ang nahipo mo? Hindi mo

ako kakilala, pero May nahipo ka. Kung sasabihin sa akin ng Panginoong Jesus kung sino ka, lalo ka bang sasampalataya dahil doon? Ikaw si Gng. Phillips. Kung tama, tumayo ka. Sige. Ganap ba akong estranghero sa iyo? Itaas mo ang kamay mo kung tama. Hindi ko pa siya nakikita kailanman sa buong buhay ko. Ano ang nahipo niya? Puntahan n'yo at kausapin 'yung babae, pagkatapos. Lahat ng pananakit na 'yun ay nawaglit na ngayon. Maayos ka na. Makakauwi ka na't maging magaling na.

146 Heto naman ang isang ginang, sa likuran niya mismo riyan. May atake siya ng pagkanerbiyos. Oh Diyos, kung hindi siya. . .Ang pangalan niya'y Gng. Star. Manampalataya ka, pagagalingin ka ni Jesus Cristo. Tumayo ka't tanggapin ang iyong kagalingan. Kung isa akong estranghero sa iyo, iwagayway mo ang mga kamay mo. Tapos na 'yang pagkanerbiyos mo. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo.

147 Ano ang ipinangako Niya? Ipinangako Niya ito. Sumasampalataya ba kayo?

148 May isang ginang sa likod niya, nakaupo riyan. Nananalangin siya. May pagkanerbiyos siya, may mga komplikasyon siya. Gusto niyang huminto sa paninigarilyo. Ang pangalan niya'y Gng. Bordon. Tumayo ka, Gng. Bordon. Tapos na ang paninigarilyo mo. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo. Hindi ko pa nakikita ang mga kababaihang ito sa buong buhay ko.

149 Sumasampalataya ba kayo? Ngayon alam n'yong hindi ko 'yun kayang gawin. Si Jesus Cristo 'yun. Ano ito? "Ang Salita'y mas buhay, higit ang bisa, kaysa sa tabak na may dalawang talim, siyanga't may kakayahang kumilala ng mga pag-iisip at mga haka ng puso." Ito ang Salita, si Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Hindi n'yo ba kayang sampalatayanan ito?

150 Heto, narito, nakaupo ang isang lalaking nakaupo rito, may luslos siya, may problema sa puso. Siyanga. Hindi ko kilala ang lalaki. Hindi ko pa siya nakikita kahit kailan. Pero isa siyang ministro. Reverend, G. Kinsey. Siyanga. Sumasampalataya ka ba, ginoo? Tumayo ka't tanggapin mo ang iyong kagalingan. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo.

151 Siyanga pala, may hihilingin sana akong pabor sa iyo, bilang isang ministro? Patungan mo ng mga kamay mo ang iyong asawa, pinahihirapan siya ng sakit sa bato, may problema rin siya sa atay, dahil sa sobrang timbang, may mga komplikasyon. Patungan mo siya ng mga kamay mo. Lilisanin siya nito, kung sasampalataya ka.

152 Sandali lang, may lalaking nakaupo diyan sa likod mo mismo, may anino siya ng kamatayan. Mayroon siyang kanser. Pinahihirapan ang lalaking ito ng tumor, kanser, pagkanerbiyos. Ang pangalan niya ay G. Young. Manampalataya ka ngayon.

Pinagaling ka na ni Jesus Cristo. Sumasampalataya ka ba? Tinatanggap mo ba ito? Sige, po.

153 Nakahiga rito ang isang lalaki, nakahiga rito sa banig na tiheras na ito. Ginoo, hindi kita kilala. Kung kaya lang kitang pagalingin, gagawin ko na sana. Isa akong estranghero sa iyo. Sumadya ka pa rito. Nagsumikap ka para makapunta rito. Hindi mo maitatago ang suliranin mo; pero hindi kita kayang pagalingin. Pumunta ka rito kasama ang iyong asawa. Siya 'yan na nakaupo riyan na nakasuot ng kulay-milokoton na dyaket. Siyanga. Sige. May anino ng kamatayan ang lalaki; hindi na siya mabubuhay nang matagal haya't kaunting panahon na lang ngayon. May kanser siya.

154 Nagdurusa ka rin, kapatid na babae. Sumasampalataya ka bang kayang sabihin sa akin ng Diyos kung ano ang nagpapahirap sa iyo? Ito'y sakit mo sa likod. Tama. Kung tama, tumayo ka. Sige, tanggapin mo ang iyong kagalingan. Sampalatayanan mo ito. Ipatong mo ang kamay mo sa iyong asawang lalaki.

155 Naniniwala ka ba na ako'y Kanyang propeta, ginoo? Kung mahihiga ka na lang diyan, siguradong mamamatay ka. Hindi ka mabubuhay. Ganoon nga. Sinukuan ka na ng mga doktor. Kinain ka na ng kanser. Nakakita na ako ng mas matindi pang mga kaso kaysa sa kaso mo na gumaling. Hindi kita kayang pagalingin. Pero kung tatanggapin mo lang ito at sasampalatayanan ito! Sinasampalatayanan mo ba ito? Ito ang tanging pagkakataon mo. Papalipas na ang mga huling oras mo. Sinasampalatayanan mo ba ito? Kung sumasampalataya ka, tumayo ka mula sa banig na tiheras na 'yan. Bumangon ka mula riyan, sa Pangalan ni Jesus Cristo! Tumayo ka't gumaling ka, at lumakad ka rito, na niluluwalhati ang Diyos. Sige't alalayan n'yo siya kung sino mang nariyan, alalayan n'yo siya. Hayan na siya, sa kanyang mga paa.

156 Ilan dito ang nananampalataya? Itaas n'yo ang mga kamay n'yo. Tumayo ka. Ang iba pa sa inyo na nagnanais gumaling, kayo'y tumayo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Itaas n'yo ang mga kamay n'yo, purihin ang Diyos. Papurihan n'yo Siya't luwalhatiin. Ngayon pasalamatan n'yo ang Panginoon para sa inyong kagalingan, si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman!

157 Kapatid, nabigo ang mga doktor. Ito ang inilaan na daan ng Diyos. Sampalatayanan mo ito!

158 Ilan ang gustong tumanggap sa inilaang daan ng Diyos? Itaas n'yo ang mga kamay n'yo at papurihan ang Diyos, bawat isa sa inyo, at manampalatayang kayo'y magaling na, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

*Ang Inilaang Daan Ng Diyos Para Sa Panahong Ito* TAG64-0206E
(God's Provided Way For This Day)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Huwebes ng gabi, Pebrero 6, 1964, sa Kern County Fairgrounds sa Bakersfield, California, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2022 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org